



Learn
to Camp

Initiation
au camping

TAGALOG



1. Mga Uri ng Campsite
(Types of Camping)

4. Pananatiling Ligtas
(Keeping Safe)

2. Mga Kagamitan
(Checklist)

5. Ang "Bare Campsite Program"
(The "Bare" Campsite Program)

3. Paano magtayo ng tent
(How to set up a tent)

6. Huwag mag-iwan ng bakas
(Leave No Trace™)

Mangyaring tandaan na bagama't isinalin ang ilang impormasyon sa iba pang mga wika para sa inyong kaginhawaan, nag-aalok ang mga kawani ng Parks Canada ng mga serbisyo sa dalawang opisyal na wika ng Canada: Pranses at Ingles.



Parks Canada
Parcs Canada

Canada



Mga Uri ng Campsite (Types of Camping)

Ang front country campgrounds ng Parks Canada ay kumpleto sa kagamitan para maging komportable hangga't maaari ang inyong camping. Pinahihintulutan nila ang pagdala ng inyong sasakyan mismo sa inyong campsite. Kadalasang mas maraming tao ang ganitong mga campground kaysa iba dahil nag-aalok ang mga ito ng pinakahigit na mga pasilidad at serbisyo, kabilang ang mga paliguan, palikuran, sinehan, palaruan, meryendahan, programang nagbibigay kahulugan (interpretive programming), mga golf course at marami pang iba. Dalawa sa aming mga campgrounds ay may mga palanguyan pa nga!

- **Mga Sineserbisyuhang Campsite** Ang mga sineserbisyuhang campsite ay nag-aalok ng iba't ibang kumbinasyon ng mga koneksyon sa kuryente, alkantarilya at mga pangkabit sa tubig para sa mga sasakyang panlibang (mga RV), mga trailer, tent trailer, atbp. Ang mga kumbinasyon ng ganitong mga serbisyo ay nakukuha sa iba't ibang presyo. Kadalasan, ang campsite na nag-aalok ng mas maraming serbisyo ay nagpapataw nang mas mataas bawa't gabi kumpara sa campsite na mas kaunti ang serbisyo. Dahil madalas na ginagamit ang mga campsite na ito ng mga RV, maaaring hindi maiinam na lugar para sa mga tent ang mga ito. Magsiyasat sa parke bago magpareserba kung nagbabalak kayong magtayo ng tent.
- **Mga Hindi Sineserbisyuhang Campsites** Ang mga hindi sineserbisyuhang campsite ay mainam para sa tent camping dahil marami sa mga ito ang nag-aalok ng mga tentpads at malalapit na mga pasilidad, gaya ng mga palikuran, paliguan at naiinom na tubig. Karaniwang bukas ang mga ito sa mga RV at mga tent trailer na hindi nangangailangan ng mga koneksyon sa kadahilangang ang mga campsite na "hindi sineserbisyuhan" ay hindi nag-aalok ng koneksyon sa kuryente, alkantarilya at koneksyon sa tubig direkta sa kinalalagyan.
- **Mga Pull-Through na Campsite** Ang mga pull-through na campsite na kilala rin bilang mga drive-through na mga campsite, ay idinisenyo para sa mga bisitang may hinihilangang mas malalaking trailer o mga RV. May pasukan at labasan ang mga ito na nagpapahintulot ng pagtawid sa lugar sa halip na umikot pabalik upang lumabas.
- **Mga Walk-in na Campsite** Ang mga walk-in na mga campsite ay mararating sa pamamagitan ng paglalakad at hindi maaaring dalhin ang inyong sasakyan nang direkta sa lugar. Karaniwang may malapit na paradahan kung saan maaari kayong maglabas ng mga gamit at iwanan ang inyong sasakyan sa kahabaan ng inyong pananatili. Ang mga lugar na ito ay bahagyang simple na may mas kaunting pasilidad.
- **Mga Pang-grupong Campsite** Idinisenyo ang mga pang-grupong campsite upang mapagkasya ang malalaking pangkat at karaniwang nakareserba para sa mga organisadong grupo na sama-samang nagbibisita sa parke. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga pang-grupong campground, mangyaring makipag-ugnayan nang direkta sa parke.

Pagka-camping sa Kaparangan (Backcountry Camping) Isinasagawa ang backcountry camping sa kaparangan malayo sa mga pasilidad at serbisyo. Kadalasan, kakailanganing maglakad nang malayo, mag-ski, magsuot ng sapatos para sa i-snow (snowshoes), sumakay sa canoe o kayak upang marating ang backcountry o mga primitibong lugar. Karaniwang napakakaunti ng pasilidad sa mga lugar na ito, nguni't madalas na mas maunti ang mga tao rito at talagang naipadarama sa inyo na inyong natakasan ang lahat.



Mga Kagamitan (Checklist)

Tent: Mag-arkila, bumili o manghiram ng tent na papanatilihin kayong tuyo at komportable. Mag-ensayong magtayo ng tent sa bahay bago ang inyong unang camping trip.

Groundsheet: Ang groundsheet ay isang telang inilalagay sa ilalim ng inyong tent upang g protektahan ang sahig ng inyong tent.

Tarpaulin: Magdala ng "tarp" o tarapal at itayo ito sa ibabaw ng mesang pampiknik para mapanatili kayong tuyo kung sakaling umulan.

Sleeping bag: Kung wala kayong sleeping bag, magdala ng kumot at sapin mula sa bahay.

Unan: Para sa karagdagang ginhawa, magdala ng maliit na unan. Kung mas gugustuhin ninyo, maglagay ng sobrang damit sa isang supot para maging pansamantalang pangkamping na unan.

Sleeping pad o air mattress: Ang sleeping pad o mat ay inilalagay sa ilalim ng inyong sleeping bag para sa karagdagang ginhawa at init.

Lampara: Gumamit ng de-bateryang lampara sa loob ng inyong tent; ang mga lamparang pinapagana ng gaas o petrolyo ay mainam lamang na gamitin sa labas at hinding-hindi dapat gamitin sa loob ng mga tent.

Mga lente o headlamps na may mga ekstrang baterya: Ang lenteng headlamp ay hindi na kailangang hawakan upang ilawan kung ano man ang inyong ginagawa. Mainam na may isang headlamp para sa bawa't camper.

Lubid o tali: Ang lubid o tali ay maaaring gamitin sa maraming bagay kabilang ang paggawa ng mga sampayan at pagsasabitan ng mga tarapal.

Duct tape: Ang duct tape ay matibay, hindi tinatablan ng tubig at maaaring gamitin na pansamantalang pang-ayos sa halos anumang bagay!

Stuff sack: Ang mga bag na ito ay nakakatulong para isiksik at isaayos ang inyong mga damit.

Kagamitang Pangkusina

Kagamitang pangkain (pinggan/baso/mangkok/mga kasangkapan): Ang yari sa plastic o asero na pinggan, baso, mangkok at kasangkapan ang pinakamainam dahil matitibay, sadyang magagaan at nagagamit muli ang mga ito.

Camp stove: Maraming uri ang mga camp stoves, kaya humingi ng payo upang makahanap ng modelong pinakamainam para sa inyo.

Pampaningas: Ang pampaningas ay nakukuha sa iba't ibang hugis at anyo kaya tiyaking tama ang inyong gagamiting sakalan o lampara.

Malaking mangkok: Ang malaking mangkok ay mainam gamitin sa paghahalo ng mga sangkap kapag naghahanda ng mga pagkain sa campsite.

Sangkalan: Ang sangkalan ay magiging kapaki-pakinabang sa paghiwa ng mga sangkap kapag naghahanda ng mga meryenda at pagkain.



Spatula/Kahoy na kutsara/Salaan/mga Tong: Isaalang-alang kung anong mga pagkain ang inyong ihahanda at tandaang balutin ang mga kasangkapang kakailanganin sa pagluto ng mga ito.

Mga Kaldero/Kawali: Magdala ng mga kaldero at kawali na idinisenyo para sa pagluluto sa apoy kung binabalak ninyong magluto sa apoy.

Potholder/Oven mitt: Pananatiliing komportable ng potholder o oven mitt ang inyong mga kamay sa paglilipat ninyo ng inyong mga kaldero at kawali papunta o mula sa kalan o apoy.

Pot gripper: Ang ilang kawali at kalderong pangkamping ay walang hawakan at gumagamit ng gripper na may hugis na clamp bilang pambuhat at panlipat ang kawali o kaldero.

Palanggana: Magdala ng malaking plastik na lalagyan o kaban na maaari ninyong punuin ng tubig at kung saan maghugas ng inyong mga pinagkainan.

Biodegradable na sabong panghugas ng pinagkainan: Tiyakin na ang sabong panghugas ng pinagkainan ay biodegradable, at itapon ito sa mga lababo o alulod, hindi sa mga lawa o sa lupa. Tingnan ang seksyong "Camping Basics" upang magkaroon ng higit pang kaalaman.

Cooler ng pagkain: Ang cooler ay kayang sirain ng mga hayop kaya tiyaking itago ito nang maayos sa gabi o anumang oras na wala kayo sa inyong campsite.

Mga posporo/lighter na hindi sinisira ng tubig: Kung wala kayong mga posporo o lighter na hindi sinisira ng tubig, itabi ang inyong mga posporo sa isang lalagyan o bag na hindi pinapasukan ng tubig.

Pambukas ng lata: Kung wala kayong pambukas ng lata sa inyong lanseta, magiging kapaki-pakinabang ang pagdadala ng nakahiwalay na pambukas ng lata.

Mantel: Magdala ng matibay at nagagamit muling mantel na yari sa plastik. Madali itong linisin pagkatapos kumain at hindi ito mababasa ng ulan.

Aluminum foil: Kapaki-pakinabang ang aluminum foil sa campsite, lalo na sa pagluluto sa apoy at pagbabalot ng mga tirang pagkain.

Mga paper towel: Tulad ng sa bahay, maaaring maging kapaki-pakinabang ang mga paper towel sa paglilinis ng mga natapon at kalat.

Mga supot ng basura: Mainam ang pagkakaroon ng ilang supot ng basura para sa pag-iimbak sa lahat ng inyong basura. Huwag kalimutang iimbak ang mga basura sa inyong sasakyan sa gabi.

Mga kandila at sisidlan ng kandila: Magbibigay ng kaunting liwanag ang mga kandila at tea light sa mesang pampiknik, lalo na kung wala kayong lampara. Inirerekomenda ang sisidlan ng kandila na hindi natatangay ng hangin.

Personal na Kagamitan

Pamatay-insekto: Maraming nakukuhang pamatay-insekto na may iba't ibang sangkap, kaya tiyaking maghanap ng naaangkop para sa inyo.

Sunscreen: Mahalaga ang sunscreen - lalo na sa matataas na lugar kung saan mas matindi ang sikat ng araw, at sa tubig, kung saan ang sikat ng araw ay dumadami sa pamamagitan ng refleksyon.



Pito: Ang magandang pito ay maaaring mag-alerto ng mga tao sa layong kayang dinggin kung kayo'y nasa panganib.

Tiyani: Magagamit ang tiyani sa pag-aalis ng mga bagay tulad ng mga tinik sa mga daliri.

Gel ng sabila: Ang sabila ay nakakaginhawa sa balat na nasunog ng araw.

Personal na Kalinisan

Biodegradable na shampoo at sabon: Maghanap ng shampoo at sabon na biodegradable. Tandaan - kahit ang mga produktong biodegradable ay kailangang itapon sa lababo o alulod, hindi sa lawa.

Pagka-camping Nang May Mga Kasamang Bata

Mga diaper at mga pamunas: Magdala lamang ng sapat na diaper at pamunas (at kaunting karagdagan) para sa biyahe. Hindi kailangang magbitbit ng isang buong pakete!

Karagdagang damit/Sapin sa paa: Magbalot ng ilang ekstrang pares ng damit at sapin sa paa upang matiyak na mananatiling tuyo at komportable ang mga bata. Nasisiyahan ang mga bata sa camping, nguni't madalas silang mabasa at marumihan nang mas mabilis kumpara kapag nasa bahay.

Pagka-camping Nang May Mga Alagang Hayop

Tali: Maraming national parks ang may mga alituntunin hinggil sa pagtatali sa mga alagang hayop - tiyaking alam ninyo ang mga ito bago kayo bumiyahe.

Mga supot para sa dumi ng alagang hayop: Tandaang maglinis pagkatapos dumumi ang inyong alagang hayop.

Pagkain ng alagang hayop: Tulad ng inyong pagkain, dapat iimbak nang maayos ang pagkain ng alagang hayop sa gabi at anumang oras na wala kayo sa inyong campground.

Brush: Magiging kapaki-pakinabang ang brush sa pag-alis ng dumi at anumang iba pang bagay sa balahibo ng inyong alagang hayop.

Iba pa

Mga sipit ng damit: Magdala ng ilang sipit ng damit upang isabit ang mga basang gamit sa sampayan.

Maliit na walis at pandakot: Gumamit ng maliit na walis at pandakot upang walisin ang anumang mga dahon, pine needle at dumi at upang panatilihin malinis at maayos ang inyong tent.

Mga Gamit sa Pangunang Lunas (First Aid Kit): Tiyaking kumpleto at napapanahon ang inyong mga gamit sa pangunang lunas.

Dyaryong pampaningas ng apoy: Kung wala kayong anumang dyaryo, maaari ding gumamit ng anumang uri ng papel.



Paano magtayo ng tent (How to set up a tent)

Madali lang magtayo ng tent...kapag isa o dalawang beses na ninyo itong nagawa. Upang mas padaliin ito, ibinalangkas namin ang mga hakbang ng pagtatayo ng tent. Maaari ninyong panoorin ang video o sundin ang mga tagubilin sa ibaba. Bago pa ninyo ito malaman, maitatayo na ninyo ang inyong tent at magagamit na ito!

Matutulungan kayo ng mga hakbang na ito sa pagtatayo sa inyong tent. Hindi lahat ng tent ay magkakapareho, nguni't magkatulad ang mga prinsipyo.

1. Maghanap ng naaangkop na lugar na pagtatayuan ang inyong tent. Karamihan sa mga frontcountry campsite ng Parks Canada ay magtatalaga ng tent pad na paunang tutukoy kung saan dapat ipuwesto ang inyong tent. Kung wala ito, pumili ng lugar na walang anumang sagabal – mga ugat, bato, sanga at iba pang mga bagay na hindi magiging komportableng tulugan. Tiyaking patag at hindi dahilig ang lupa. Tandaan na dapat sapat ang layo ng lugar na ito sa inyong hukay na aapuyan upang hindi abutin ang inyong tent ng lumilipad na бага.

2. Alisin ang lahat ng laman ng tent bag. Tiyaking dala ninyo ang lahat ng inyong kailangan, kabilang ang katawan ng tent, sapin (kung kasama), fly ng tent, mga poste, mga panipit at mga guy-wire. Ilagay ang mga ito sa malapit upang ito’y nakahanda kaagad kapag gagamitin na.

3. Ilapag sa lupa ang inyong tent (at sapin). Kung kayo ay may sapin o apakan ng paa, ilapat ito sa lupa kung saan ninyo gustong itayo ang inyong tent. Pagkatapos ay igulong ang tent sa lugar na pagtatayuan. Tiyaking nakaharap ang pinto sa direksyon kung saan ninyo gustong pumasok at lumabas sa inyong tent.



Dulo ng isang poste ng tent © Parks Canada / S. Burroughs



Dalawang seksyon ng poste ng tent © Parks Canada / S. Burroughs

4. Ikabit ang mga poste sa tent. Ang pinakaunang gawin ay ang ipagkabit-kabit ng mga poste. Maingat na ipasok ang bawat seksyon ng poste sa kasunod na poste. Ulitin para sa bawat poste. Ang mga tent ay karaniwang may dalawang paraan ng pagkabit ng mga poste sa tent. Ang ilang tent ay gumagamit ng mga lagayan ng poste, at ang iba naman ay mayroong mga sipit. Ang ibang tent naman ay may kumbinasyon ng dalawa.



Mga Sleeve: Karamihan sa mga tent na may sleeve na disenyo ay mayroong dalawang sleeve na nagkukrus sa ibabaw ng tent. Magsimula sa isa sa mga sleeve at ipasok ang poste hangga't lumabas ito sa dulo. Sunod, ipasok ang ikalawang poste sa kabilang sleeve. Ngayon, ikabit ang dulo ng mga poste sa aktwal na katawan ng tent. Ito'y maaaring gawin sa ibang paraan depende sa uri ng tent. Maraming tent ang mayroon lang uhetes sa paanan kung saan ipapasok ang dulo ng poste. Ang dulo ng poste ay pipigilan itong hindi kumalas. Ang ibang mga tent ay mayroong metal na pin at ring na nakakabit sa paanan ng tent na ipapasok sa ibabang bahagi ng poste.

Kapag maayos nang naikabit ang mga poste ng tent sa katawan nito sa kabilang bahagi, pumunta sa kabilang bahagi ng tent. Para sa mas malalaking tent, mas madali itong gawin ng dalawang tao. Bawa't isang tao ay hahawak ng poste malapit sa ibabang bahagi at unti-unting itutulak ito upang pumasok ang poste sa mga sleeve; ito ang magtatayo sa katawan ng tent. Gawin ito nang dahan-dahan at kung makakaramdam kayo ng puwersa, tumigil upang tiyaking walang sagabal. Kung may sagabal at magpapatuloy kayo sa pagtulak, maaari ninyong masira ang poste o ang tent. Kapag naabot na ng ibabang bahagi ng poste ang paanan ng tent, ikabit nang maayos ang mga poste ng tent sa paraang kagaya ng ginawa ninyo sa kabilang bahagi.

Mga Clip: Bahagyang naiiba ang mga tent na may mga clip sa mga tent na may mga sleeve. Magsimula sa pamamagitan ng pagkakabit sa mga poste sa isang bahagi ng tent sa katawan ng tent. Depende sa uri ng tent, maaari itong gawin sa ibang paraan. Maraming tent ang mayroon lang uhetes sa paanan kung saan ipapasok ang dulo ng poste. Mayroon ang ibang mga tent ng metal na pin at ring na nakakabit sa paanan ng tent na ipapasok sa ibabang bahagi ng pole ng tent.

Kapag maayos nang nakabit ang poste ng tent sa katawan ng tent sa isang bahagi, pumunta sa kabilang bahagi ng tent. Baluktutin ang mga poste upang mag- arko ang mga ito at maayos na maikkaabit sa bahaging ito ng tent sa paraang kagaya ng ginawa ninyo sa kabilang bahagi. Mula sa ibabang bahagi ng bawa't poste, ikabit ang poste sa bawa't clip papataas. Sa pamamagitan nito, tatayo ang katawan ng tent. Ikabit ito sa mga poste ng tent.

Para sa mga tent na may kumbinasyon ng dalawang sistemang ito, magsimula sa mga sleeve at isunod ang mga clip. Para sa mga tent na may mas maraming poste para sa katawan ng tent, karaniwang magsisimula sa dalawa na magkukrus sa tuktok ng tent, at pagkatapos ay idagdag ang mga natitirang poste hanggang sa nakatayo na ang tent.



Uhetes para sa pagdaragdag ng mga panipit ng tent © Parks Canada / S. Burroughs

5. Isipit ang tent sa lupa. Ngayong nakatayo na ang inyong tent, ikabit ito nang maigi sa lupa. Gawin ang anumang mga huling pagsasaayos sa pagkakapuwesto ng tent bago kayo magsimula. Karamihan sa mga tent ay mayroong mga panali na nylon ang hibla na naka-silo o may uhetes sa dulo. Maglagay ng panipit sa bawa't isang panali at hilahin palayo sa tent upang mabatak ang sahig ng tent. Ngayon, idiin ang panipit sa lupa sa anggulong 45 digri. Gawin ito hanggang sa nakasipit na ang lahat ng panali at matibay ang pagkakatayo ng inyong tent. Hindi dapat idiin ang mga panipit nang nakadiretso dahil maaaring mahugot ang mga ito sa lupa kung hahangin nang malakas. Sa mga mahanging kalagayan, itinutulak ng hangin ang tent na nagbibigay ng puwersa sa mga panipit. Kung nakadiretso ang mga ito, walang panlabang pipigil sa panipit para iwasang dumulas sa pagkakabaon nito sa lupa.



6. Ilagay ang fly sa ibabaw ng tent. Karaniwan, tinatagusan ng tubig ang katawan ng tent. Papanatilihin kang tuyo ng tent fly kung sakaling sumama ang panahon. Kakailanganing kabitan ng mga poste ang ilang tent flies. Sa maraming disenyo, mas madaling ikabit muna ang mga poste, nguni't maaaring hindi ito ang sitwasyon sa lahat ng modelo ng tent. Simulan sa pamamagitan ng maingat na paghagis ng fly sa ibabaw ng tent na tila isang kumot. Tiyaking nakatapat ang harap ng fly sa pasukan ng tent. Nakakabit ang karamihan sa mga fly sa mga poste ng katawan ng tent o sa paanan ng tent kung saan nakakabit ang mga poste. Magdedepende ito sa laki ng fly ng tent at modelo ng tent. Kapag nakakabit na ang fly, maaari nang ipasok ang inyong tulugan at iba pang kagamitan!

Tandaan:

- Parating isara ang mga zipper sa mga pinto ng inyong tent. Mapapanatili ninyong nasa labas ang mga insekto – kung saan sila nararapat!
- Alisin ang mga sapatos at tsinelas bago pumasok sa tent para maiiwasan ninyong magdala ng dumi sa loob.



Pananatiling Ligas (Keeping Safe)

Bagama't maraming ipinapatupad upang mapanatiling ligtas ang mga bisita, higit sa lahat **kayo ang responsable para sa inyong sariling kaligtasan** habang bumibisita sa isang national park. Narito ang ilang paalala upang ikaw at ang inyong pamilya'y matulungang mapanatiling ligtas habang nagka-camping sa isang national park.

Panahon

Huwag kailanman maliitin ang kakayahan ng panahon. Bago tumuloy sa isang pamamasyal, paglalakad o magdamagang camping trip, alamin ang lokal na ulat ng panahon. Matutulungan kayo nitong magplano - nguni't maging handa sa pagbabago ng klima, lalo na sa mga kabundukan o sa mga lugar na malapit sa mga anyong-tubig kung saan maaaring mabilis magbago ang lagay ng panahon.

Palaging tandaang protektahan ang sarili at ang inyong pamilya laban sa sikat ng araw. Magsuot ng sumbrero at salamin, at pumili ng sunscreen na naaangkop sa inyo upang maprotektahan ang mga bahagi ng katawan na tinatamaan ng araw (huwag kalimutan ang inyong tainga!). Ang pagsusuot ng pantalon at damit na may mahahabang manggas ay maaaring ding magprotekta laban sa sikat ng araw. Kung nagka-camping sa matataas na lugar, maggagalugad, o malapit sa isang anyong-tubig, o bumibisita sa mga lugar na ma-yelo may i-snow, tandaan na ang kasidhian ng sikat ng araw ay tumitindi sa mga ganitong lugar. Maging alisto.

Nais rin ninyong protektahan ang inyong sarili mula sa kidlat. Kapag parating na ang bagyo, tiyaking subaybayan ang panahon at magsagawa ng paghahanda bago ito sumalanta. Para sa higit pang impormasyon sa kaligtasan laban sa kidlat, bisitahin ang webpage ng Environment Canada sa <http://www.ec.gc.ca/foudre-lightning/default.asp?lang=En&n=159F8282-1> (Ingles).

Pagmamaneho

Ang pagmamaneho ay isa sa pinakamapapanganib na gawain sa isang national park, at maaaring labis itong naiiba sa pagmamaneho sa mga pamilyar na lugar. Kapag nagmamaneho, tandaan ang mga sumusunod:

- Palaging sundin ang nakapaskil na mga limitasyon sa bilis ng pagmamaneho.
- Magmasid sa iba pang mga motorista sa loob ng park. Maaaring sila'y malibang sa magagandang tanawin o kaya'y naliligaw.
- Mag-ingat sa mga nagbibisikleta. Sila'y maaaring mahirap makita.
- Mag-ingat sa mga hayop.

Mga Hayop

Huwag lapitan o pakainin ang mga hayop, at sundin ang lahat ng mga alituntuning nakatakda sa national park na inyong pinapasyalan. Hindi natin mahuhulaan kung paano tumugon ang mga hayop sa anumang sitwasyon, kaya ang pag-iwas sa malapitang ugnayan ang pinakamainam na paraan upang kayo at ang inyong pamilya ay mapanatiling ligtas sa mga mailap na hayop.

Para sa higit pang impormasyon, makipanayam sa visitor center sa parke na inyong pinapasyalan, kumuha ng polyeto at makipagsangguni sa aming palakaibigang empleyado.



Mga Insekto at Halaman

Maraming mga insektong nangangagat o nanunusok sa mga paligid sa labas, lalo na sa daan at sa mga campsites. Magdala ng mga gagamiting pantaboy sa mga insekto at iwasang maglagay ng mahahalimuyak na pabango at losyon na nakakaakit ng mga insekto.



Poison Ivy

© Parks Canada

Ang ilang mga halaman, gaya ng poison ivy, ay maaaring magsanhi ng pamamantal at nagdudulot ng alerhiya kapag hinawakan. Kadalasang inaalís ang mga halamang ito sa karaniwang kapaligiran sa loob ng pagkakampingan, nguni't dapat mag-ingat sa mga ito sa kahabaan ng kalsada at daan.

Upang maunawaan kung ano ang dapat iwasan at kung ano ang dapat pag-ingatan, bisitahin ang webpage ng pasyalan o makipag-ugnayan sa mga kawani ng visitor center sa inyong pagdating.

Pag-inom ng tubig

Ang pag-inom ng maraming tubig ay mahalaga habang ikaw'y aktibo sa mga gawaing panlabas, lalo na sa mainit at maaraw na panahon. Tiyaking uminom lamang ng malinis na tubig na nagmula sa mga mapagkakatiwalaang daluyan, gaya ng tubig sa gripo na matatagpuan sa lugar ng pagkakampingan. Bagama't ang tubig sa mga sapa, ilog at lawa ay karaniwang malinis at mukhang pwedeng inumin, baka ito ay may mapanganib na mga bakterya o parasito. Kung ikaw'y hindi nakakatiyak, magtanong lamang!



Ang "Bare Campsite Program" (The "Bare" Campsite Program)

Sa inyong pagkakamping dito, kayo ay nakikihati ng lugar sa mga hayop na umaasa rito para sa kaligtasan ng kanilang buhay. Ito ay napapabilangan ng mga oso, tigre, lobo, koyote at iba pa.

Paanong panatiliing "malinis" ang lugar ng kampingan

Ang "Bare Campsite Program" (isang programa sa pagpapanatili ng kalinisan sa lugar na pagkakampingan) ay nabuo para sa inyong kaligtasan, at upang tulungan ang ating mga hayop na nasa ating mga national park na manatiling buhay at mailap.



Pakiusap lang po, panatiliing MALINIS ang lugar ng kampingan © Parks Canada

Tiyakin na walang nang-aakit ng mga hayop ang kailanman ay pinababayaan lamang. Panatiliing ligtas at tulungan ang mga hayop sa ating mga pambansang liwasan na manatiling buhay at mailap.

Pakiusap lang po, panatiliing MALINIS ang lugar ng kampingan.

Kung kayo ay magkakamping dito, kayo ay sumang-ayon na:

Itambak ang LAHAT NG PAGKAIN at MGA BAGAY NA MAY KAUGNAYAN SA PAGKAIN sa isang matibay na sasakyan o sa pinagkakaloob na mga imbakan ng pagkain kapag hindi ito ginagamit.

Nalalapat ang patakarang ito sa tuwing ang mga bagay na ito ay hindi ginagamit, sa gabi kung kayo ay natutulog, o kung ang inyong lugar ay walang tao sa anumang oras.

Anumang bagay na may amoy o tinuturing na pagkain ay maaaring umakit ng mga hayop sa inyong lugar. Huwag iiwan ang ALINMAN ng mga bagay na ito sa inyong lugar na kinakampingan:

- Palamigan - puno/walang laman
- Pagkain - bukas/sarado
- Basura/Mga Pambalot
- Pinggan/Kaldero
- Pagkain ng alagang hayop/mangkok
- Mga bote/Lata

Lahat ng bagay na may pampabango - tulad ng siyampu, tutpeyst, kandila, citronella at sabong panghugas.



Tiyakin na walang nang-aakit ng mga hayop ang kailanman ay pinababayaan lamang © Parks Canada

Ang treyler na tolda ay HINDI ligtas sa oso.

Kung ang inyong lugar na kinakampingan ay hindi "malinis"...

Kung ang mga tao ay hinahayaang nasa labas ang pagkain, ang mga oso at ibang mga hayop ay mawawalan ng takot sa tao. Kapag masanay ang isang hayop sa pagkain ng tao, ito ay magiging mapanganib sa kaligtasan ng publiko at ito ay maaaring wasakin. Sa pamamagitan ng "malinis" na lugar na kampingan, kayo ay gumaganap ng mahalagang parte na pigilan ang paglikha at pagsira ng "problemang" mga hayop.

Ang mga tauhan sa lugar na kinakampingan ay nagpapatrolya para matiyak na ang mga nagkakamping ay hindi nag-iwan ng kahit ano sa labas na maaring umakit ng mga hayop. Kung kayo ay bumalik sa inyong lugar at nakitang may mga bagay na nawawala, tingnan ang mga instruksiyon na iniwan ng mga tauhan.

Ang mga nagkakamping na mabibigong sumunod sa "Bare Campsite Program" ay maaaring kanselahin ang kanilang permiso sa pagkakamping, na walang ibabalik ng perang ibinayad at maaaring idemanda sa ilalim ng Batas at mga Tuntunin ng Liwasang Pampubliko ng Canada.

Ang pagbabahagi ng ekosistema - Kayo ay nagkakamping sa loob ng tirahan ng mga hayop

Maging mapagmasid sa inyong kapaligiran, lalo na sa dapit-hapon at madaling araw o sa mga lugar na siksikan ang mga tanim na tumutubo. Ang nagugulat na hayop na abala sa pagpapakain ay maaaring maging napakamapanganib! Ang mga hayop ay umaasa sa bawat bahagi ng ekosistemang ito para sa ikakaligtas ng kanilang buhay. Kailangan nilang humanap ng natural na pagkain na hindi natitigatig upang makakakuha ng sapat na taba upang makayanan ang taglamig. Sa pagitan ng pananatiling "malinis" sa lugar ng kamping at hindi pagpapakain ng mga hayop kayo ay nakakatulong sa pagligtas ng kanilang buhay sa mapaghamong tanawin na ito.

Inyong bigyang pansin, mga nag-aalaga ng hayop!

Mangyaring panatilihin na nakatali ang mga alagang hayop sa lahat ng oras. Huwag iwan ang mga alagang hayop na walang nag-aalaga lalo na sa gabi. Maaaring silang makaakit ng karniboro at maaaring sugurin.



Panonood ng mga hayop - Paalala para sa Kaligtasan!



Oso © Parks Canada

Maaari kayong makasasalubong ng mga hayop sa anumang oras. Maging handa, at huwag iwan ang mga pagkain na madaling malapitan ng mga hayop.

Kung manonood ng mga hayop, laging tandaan:

- Lahat na mga hayop ay potensyal na mapanganib. Kahit ang maamong tingnan na usa ay maaaring seryosong makapanakit ng tao.
- Huwag lapitan o pakainin ang mga hayop, kahit anong uri o kahit anong laki.
- Panatilihin na ang panonood ng mga hayop ay mula sa isang ligtas na distansya sa lahat ng oras (30 hanggang 100 metro).

Pakiulat lang po ninyo kaagad ang lahat na namamataang karniboro (oso, lobo, atbp.) sa mga tauhan ng parke.

Salamat po! Ang inyong pagsisikap na panatilihing 'MALINIS ang lugar ng pagkakampingan' ay pinapahalagahan!



Huwag mag-iwan ng bakas (Leave No Trace™)

Alamin bago kayo pumunta

Maging HANDA! Huwag kalimutan ang mga damit upang protektahan kayo mula sa LAMIG, INIT o ULAN. Gamitin ang MGA MAPA upang ipakita sa inyo kung saan kayo papunta at sa gayon ay hindi kayo maliligaw. ALAMIN ang tungkol sa mga lugar na binibisita ninyo. Basahin ang mga libro at makipag-usap sa mga tao bago kayo pumunta. Mas MASAYA kung marami kayong nalalaman.

Piliin ang tamang landas

Manatili sa PANGUNAHING DARAANAN upang protektahan ang kalikasan at huwag ilihis ang inyong sarili. Iwasan ninyo ang mga bulaklak o maliit na puno. Sa sandaling masaktan, maaaring hindi na sila tumubong muli! Gamitin ang mga umiiral na lugar na pangkamping - magkamping nang hindi bababa ng 100 MALALAKING HAKBANG mula sa mga kalsada, daanan at tubig.

Itapon ang inyong basura

Huwag mag-iwan ng kalat. Ilagay ang mga basura, kahit mga mumo, sa mga basurahan o di kaya dalhin sa inyong tahanan. Gamitin ang mga palikuran o mga tahananang bukod na karatig ng bahay kung mayroon man. Kung gustong mang dumumi, KUMILOS TULAD NG ISANG PUSA at ILIBING ANG DUMI sa maliit na hukay sa lupa na 4-8 na pulgada ang lalim at 100 na malalaking hakbang mula sa tubig. Ilagay ang pang-iwang sa isang supot na plastik at itapon sa basurahan pag-uwi. PANATILIHING MALINIS ANG TUBIG. Huwag lagyan ng sabon, pagkain o dumi ng tao ang mga lawa at batis.

Iwanan kung ano man ang inyong nakita

Iwanan ang mga tanim, mga bato, at mga makasaysayang bagay KUNG PAPAANO NINYO NATAGPUAN ANG MGA ITO upang ang taong susunod sa iyo ay masisiyahan din. Ituring ang mga buhay na halaman nang may paggalang. Ang pagtataga at pagtatalop ng balat ng mga halaman ay maaaring ikakamatay nila. Ang magagandang lugar na pangkamping ay NATUTUKLASAN, HINDI GINAGAWA. Huwag maghukay ng kanal o bumuo ng mga istraktura sa inyong lugar na pinagkakampingan.

Mag-ingat sa apoy

Gumamit ng KALAN NA PANGKAMPING sa pagluluto. Ito ay madaling gamitin sa pagluluto at madaling linisin kaysa sa apoy. Siguraduhin na may pahintulot na gumawa ng apoy sa lugar na inyong binibisita. Gamitin ang UMIIRAL NA ARGOLYA NG APOY upang maprotektahan ang lupa mula sa init. Panatilihin na maliit lamang ang apoy. Tandaan ninyo, ang apoy sa kamping ay hindi para sa basura o pagkain. Huwag baliin ang mga sanga ng buhay, patay or natutumbang mga punongkahoy. Sa halip, PULUTIN ANG MGA MALILIIT NA MGA SANGA SA LUPA. Sunugin ang lahat ng kahoy hanggang maabo at siguraduhing patayin ang apoy at WALA NA AT MALAMIG bago ninyo iiwan.

Igalang ninyo ang mga hayop

Masdan ang mga hayop sa di-kalayuan at HUWAG KAILANMAN LAPITAN, PAKAININ O SUNDAN. Ang pagkaing pantao ay NAKASASAMA SA KALUSUGAN ng lahat ng hayop at ang pagpapakain sa kanila ay simula ng masasamang gawi. Pangalagaan ang mga hayop at ang inyong mga pagkain sa pamamagitan ng pag-iimbak ng mga pagkain at mga basura. IKONTROL ANG MGA ALAGANG HAYOP sa lahat ng panahon o iwanan ang mga ito sa inyong tahanan.



Huwag mag-iwan ng bakas
(Leave No Trace™)

Magmamagandang loob sa ibang mga panauhin

Tiyakin na ang inyong KASAYAHAN sa labas ay hindi nakaabala kaninuman. Tandaan na ang ibang mga panauhin ay naririyang para magsaya sa labas. PAKINGGAN ANG KALIKASAN. Iwasan ang paggawa ng malakas na ingay o sigawan. Makakakita kayo ng mas maraming hayop kapag kayo ay tahimik.

Para sa karagdagang impormasyon at mga materyales: 1-877-238-9343